



Ang karamihan sa mga regular na ginagamit na produktong ginagamit sa bahay tulad ng mga panlinis at pesticide ay maaaring makasakit sa bata kung hindi nagamit at natabi nang wasto. Ang mga adulto ay may mahalagang responsibilidad na maiwasan na malantad ang mga bata sa mga posibleng nakakapinsalang mga produktong ito.

Hinihikayat ng EPA ang mga mamimili na ikonsidera ang paggamit ng mga nakarehistro sa EPA na mga biopesticide at produkto na may **Safer Choice Label (Etiketa sa Mas Ligtas na Mapipili) ng EPA**, na karaniwang hindi masyado nakakapinsala.

Mapapanatiling Ligtas ang mga Bata sa pamamagitan ng mga Tip na ito

✓ Basahin Muna ang Etiketa

Sinasabi sa inyo ng etiketa:

- Kung paano gamitin nang ligtas at mabisang paraan ang produkto.
- Paano maitatago nang ligtas ang produkto.
- Mga tagubilin para sa first aid.
- Ang mga numero ng telepono na dapat tawagan para makakuha ng tulong o karagdagang impormasyon.

✓ Sundan ang mga Babala sa Etiketa

- Ang mga babala at tagubilin ay nagsasabi sa inyo kung paano gamitin nang ligtas at wasto ang mga produkto. Ito ay nakakatulong sa inyo at sa inyong mga bata na manatiling ligtas.
- Sundan ang mga babala na buksan ang mga bintana, magsuot ng mga guwantes, at hindi langhapin ang mga alikabok na mula sa produkto.
- Ilayo ang mga bata mula sa mga natapon at ginamot na lugar tulad nang nasa tagubilin.

✓ Itabi ang Mga Produkto sa Mga Orihinal na Lalagyan nito

- Lubos na mapanganib na ilagay ang mga produkto sa mga lalagyan ng pagkain at inumin. Iniisip ng mga bata na ang isang bagay na nakita nang bote ng juice o soda ay mabuting inumin.
- Kung naitapon ninyo ang orihinal na lalagyan, itinaapon ninyo ang mahalagang impormasyon na kinakailangan sa pangyayari ng isang emergency.
- Kung nakasaad sa etiketa na ihalo ang produkto sa iba pang lalagyan, gamitin ang lahat ng mixture.
- Kung hindi ninyo magagamit ang lahat ng mixture sa isang lagayan, lagyan ng etiketa ang bagong lalagyan para magamit sa susunod at tandaan ang impormasyon na may kinalaman sa kaligtasan.

✓ Itabi ang Mga Produkto sa Lugar na Di Maaabot ng Mga Bata

- Tiyakin na ang lahat ng inyong mga produktong panlinis sa bahay at pesticide ay nakatabi sa lugar na hindi ito maaabot.
- Gumamit ng mga kandado na childproof para sa mga mabababang kabinet.
- Tiyakin na ang mga takip ay hindi mabubuksan ng mga bata at nakasarado nang mainam.
- Ituro sa inyong mga anak na ang mga produktong pambahay ay hindi mga laruan.

Alamin kung Saan Tatawag upang Makakuha ng Tulong

- Ang maraming mga etiketa ay may nakasulat na numero ng telepono na matatawagan kung may emergency.
- Itabi sa telepono ang numero ng telepono ng inyong doktor o lokal na poison control center.
- Ihanda ang produkto kapag tumawag kayo. Ang etiketa ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa produkto.

